REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-75

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA NAMAMAHALA/NAGMAMAY-ARI NG MGA DRUGSTORE O BOTIKA SA BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA NA MAY KAKAYAHAN NA MAGBUKAS AT MAGLINGKURAN SA PUBLIKO SA LOOB NG DALAWAMPU'T APAT NA ORAS (24 HOURS).

*************************************************************

Ipinanukala ni : KGG. ERNESTO A. CARUBIO

*************************************************************

SAPAGKAT, ang pamahalaang lokal sa ilalim ng Seksyon 16 ng Local Government Code o General Welfare Clause ay may kapangyarihan na magsagawa ng kaukulang hakbangin upang pangalagaan at protektahan ang pangkalahatang kagalingan at kalusugan ng mamamayan.

SAPAGKAT, ang ating mga botika o drugstore ay sarado at hindi naglilingkuran sa gabi kung kailan nakapangyayari ang mga hindi inaasahan at biglaang pangangailangan ng gamot;

SAPAGKAT, ang mga karamdaman ng ating katawan lalo na ang mga sakuna ay hindi natin masasabi kung kailan darating sa buhay na tao at sa kadahilanang ito ay marapat lamang na ang ating botika o drugstore ay laging nakahanda upang maglingkuran sa ating mamamayan;

SAPAGKAT, marami ng mahal sa buhay ang nakitil o nalagay sa panganib sa kawalan ng pagkunan ng gamot panlunas, higit kung dis-oras ng gabi;

SAPAGKAT, kung ang mga botika at drugstore ay laging nakahandang maglingkuran sa gabi sa ating mamamayan ang mga bantang panganib sa buhay at kalusugan na nangangailangan ng gamot panlunan ay maiiwasan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahang hilingin sa mga namamahala/nagmamay-ari ng mga drugstore o botika sa Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila na magbukas at maglingkuran sa publiko sa loob ng dalawampu't apat na oras (24 hours).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-48th regular na pulong na ginanap ngayong ika-19 ng Hulyo, 1993.

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 93-75

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan